Tinig

OFFICIAL NEWSLETTER OF SAN GUILLERMO PARISH

February 1-28, 2014 / 103 E. MENDOZA ST., BUTING, PASIG CITY / VOLUME 2, ISSUE 2

# FIESTA HIGHLIGHTS 2014

SIS. MINA ANORE












# MAHAL NA PATRON, SAN GUILLERMO, BAYANI KA NAMIN!

By: Rev. Fr. Joeffrey Brian V. Catuiran, JCL

Pope Francis addressing a crowd of over 3 million people gathered on Copacabana beachfront for the concluding Mass of World Youth Day 2013, focused his message on the very theme: “Go and make disciples of all nations”. He gave three challenging words: **"Go, do not be afraid, and serve."**

Sa palagay ko ito rin ay isang magandang hamon para sa lahat ng mananampalatayang Katoliko lalo na sa ating parokya. Pagkatapos na ipagdiwang natin ang taon-taong kapistahan ng ating mahal na patron, naging bahagi ba tayo ng pagpapahayag ng mabuting balita? Naging matapang ba tayo sa pagpapakilala at pagdadala kay Kristo saan mang dako at aspeto ng ating buhay at pang huli, tunay ba tayong naglilingkod sa Diyos? Mga katanungang naghahamon at naghihintay ng sagot upang maipakita natin kung anong uri ng pananampalataya mayroon tayo. Baka ang iba sa atin, hanggang sa prusisyon at sayaw lamang; kinalimutan na ang buhay na banal na tinahak ng ating mahal na patron.

Ang isang sambayanan ay hindi mabubuklod kung walang “lalim” ang pagkakilala sa sarili; kung hindi naka-ugat kay Kristo. Sabi nga ng isang philosopher na ang pangalan ay si Socrates: “the unexamined life is not worth living.” He said that: “humans should look within to get the true value of life.” For him, a person who cannot find inner happiness or gain value, is living a life that is not worth living. Kaya kung ang iiral ay pansariling kapakanan at kagustuhan lamang, walang “universal understanding of the Church” tiyak we are like a rocking chair, gumagalaw pero hindi umaalis.

Ang mahal na Patron San Guillermo ay sumunod sa kalooban ng Diyos; kinalimutan ang pansariling ambisyon, naglingkod ng lubos at ibinuhos ang buhay sa pagkilala kay Kristo. Sa mata ng mundo walang halaga pero ito ang naging kanyang daan para maging bayani ni Kristo. Ito rin nawa ang ating dapat abutin sa buhay. Ikaw, bayani ka ba ni Kristo?

**OUR PARISH**

**REV. FR. JOEFFREY BRIAN V. CATUIRAN, JCL**
Parish Priest

**SCHEDULE OF MASSES:**

**-San Guillermo Parish**
DAILY MASS (Tagalog):
Mondays—6:00AM
Tuesdays—6:00PM
Wednesdays—6:00AM & 6:00PM
Thursdays—6:00PM
Fridays—6:00AM & 6:00PM
Saturdays—6:00AM & 6:00PM (Anticipated Sunday Mass)

Sunday
Main Parish
6:00AM; 7:15AM (English Mass); 9:00AM;
4:30PM; 6:00PM & 7:30PM

**-Chapels-**
**1) San Joaquin Chapel**
Sundays – 7:30 AM and 6:00 PM
**2) St. Francis of Assisi (Lexington)**
(English) Saturdays – 8:00 PM
(English) Sundays – 10:15 AM
**3) Nuestra Señora de Guia (Ulilang Kawayan)**
Sundays – 4:30 PM
First Friday—7:30PM
**4) San Pedro Calungsod (East Mansion)**
3rd Sunday of the Month – (English) 10:30 AM
**5) Grand Monaco Homes**—
every 3rd Saturday, 7:30 PM

**SERVICES**
**Confession**
Wednesday & Friday—5:30PM
**Baptism**
Sunday—11:30AM
**Wedding**
kindly arrange with the parish office two months before the desired date
**Sick Call**—anytime
**Blessing**—by appointment
**Funeral Mass**—by appointment
**Devotions & Novenas**
Monday—Holy Trinity—5:00PM
Tuesday—San Lorenzo Ruiz—5:00PM
Wednesday—Our Lady of Perpetual Help—5:00PM
Thursday—Ina Poon Bato & San Guillermo de Maleval—5:00PM
Friday—Sacred Heart of Jesus–5:00PM
Holy Hour & Benediction every 1st Friday of the Month—5:00PM
Saturday—Memorial of the Blessed Virgin Mary—6:00AM

**PARISH OFFICE HOURS**
Tuesdays to Sundays
8:00 AM to 5:00 PM

# THROWBACK ISSUE

## 1ST PASTORAL VISIT.10.5.2013

BY: SIS. MARISSA A. BAPTISTA & FR. BEBOT CATUIRAN



Most Rev. Mylo Hubert C. Vergara, D.D., Bishop of Pasig arrived in San Guillermo Parish at around 7:50 in the morning, escorted by the Bgy. Buting Patrol and serenaded by the Bgy. Buting Drum and Lyre near the entrance of the parish church. He was greeted by the PPC Lay Coordinator, Bro. Boy Jadaone at the entrance of the church together with the members of the PPC and the parishioners.

Upon entering the church he was greeted by the parish priest, Rev. Fr. Joeffrey Brian V. Catuiran, and resident guest priest, Rev. Fr. Edgar Dolina. He then kissed the crucifix and knelt for a few minutes of prayer. Rev. Fr. Mar Barranda, Chancellor, was also present as part of the official party of the bishop during this pastoral visit, chronicling important matters as mandated by the bishop.



After the silent prayer, the Holy Mass started at exactly 8:00 o'clock in the morning. In his homily, Bishop Mylo explained the reasons of his pastoral visit and emphasized the role of service in the Church. He enjoined each one to participate actively without expecting anything in return. Thus, the attitude of ***bilib sa sarili*** (BSS) has no place in the life of the Church. He encouraged everyone to serve like Jesus who came to serve and not to be served.

After the Holy Mass, merienda was served and after awhile the PPC Officers and some members who insisted to be there despite not being members of PPC, gathered at the second floor of the Formation Center for the dialogue with the bishop. At around 9:30 in the morning the dialogue started with Sis. Irma Cuaresma as emcee. It started with a prayer followed by the welcome remarks by the parish priest, Fr. Bebot. After that, PPC Lay Coordinator Bro. Boy Jadaone presented the members of the PPC. ——*turn to page 6*

**MUNTING KASAYSAYAN NG PAROKYA NG SAN GUILLERMO**

Ang orihinal na Bahay na Dalanginan (Bisita) ng nayon sa pook na ito ay itinayo noon pang panahon ng pananakop ng mga Kastila at nasa ilalim ng pamamahala ng Parokya ng Immaculada Concepcion ng Pasig.

Sa pamamatnubay ng mga Misyonerong CICM at ng Barrio Pastoral Council, isang Multi-Purpose Center ang napalit na nabasbasan ng Kanyang Kabunyiang Jaime Cardinal L. Sin, D.D., Arsobispo ng Maynila noong Mayo 1, 1979.

Abril 26, 1993 nang itatag ang Parokya ng San Guillermo na magkasama ang Barangay Buting at Barangay San Joauin. Itinalagang unang Kura Parokya si Rev. Fr. Jesus-Romulo C. Rañada noong ika-4 ng Hulyo 1993.

Pinasimulan ang pagtayo ng bago at panalaking Simbahan noong ika-2 ng Oktubre 1993 sa tulong at pagsisikap ng Parish Pastoral Council, mga taga-parokya at mga tagapagtangkilik. Natapos at itinalaga noong ika-10 ng Abril 1994 ng Kanyang Kabunyian Jamie Cardinal L. Sin, D.D.

Ang Parokya ng San Guillermo ay binuo ng dati-rating tatlong barrio pastoral councils, ang Buting, San Joaquin at Sitio Ulilang Kawayan.

Ang naging pangalawang Kura Paroko ay si Rev. Fr. Dennis Odiver mula Setyembre 1995 hanggang May 1997. Sa kanyang pamumuno, naipaayos at napaganda ang San Joaquin Chapel. Nagsagawa ng maraming mga formation seminars para sa mga lider ng simbahan.

*Parish Manual (1997-1998)

Tinig OFFICIAL NEWSLETTER OF SAN GUILLERMO PARISH

**FOR COMMENTS & SUGGESTIONS**

**CONTACT US:**
103 E. Mendoza St., Buting, Pasig City
Landline: 642-8051
e-mail address: sgp_media@yahoo.com
facebook.com/sanguillermopasig



## MUNTING KATESISMO

### Mga Dapat Malaman ng mga Katoliko Tungkol sa Candelaria

**Ano ang Candelaria?**

Ang **Candelaria** o ang **Kapistahan ng Pagdadala kay Hesus na Panginoon sa Templo** ay paggunita ng isang mahalagang yugto sa buhay ng ating Panginoon: kung saan, ang Mahal na Birheng Maria ay nagtungo sa Templo ng Jerusalem upang italaga sa Diyos ang kanyang panganay na anak, bilang pagsunod sa isinasaad sa Kauutusan (cf. Leviticus 12, Exodus 13:12-15). Ginugunita rin natin sa pagdiriwang na ito ang **Kapistahan ng Paglilinis sa Mahal na Birheng Maria.**

**Kailan at Paano ito Ipinagdiriwang?**

Ipinagdiriwang natin ang Candelaria, tuwing **ika- 2 ng Pebrero**, apatnapung araw matapos ang pagdiriwang ng Kapanganakan ng Panginoon. Sa loob ng Banal na Misa sa araw na ito, nagkakaroon ng **pagbabasbasa ng mga kandila.** Ito ay simbolo ni Hesus na liwanag ng mundo , na ayon na rin sa bibig ng Propetang si Simeon: "liwanag na tatanglaw sa mga Hentil at kaluwalhatian ng bayang Israel" (Luke 2:32)

—inihanda ni Bro. Barry J. Villanueva

# FIESTA HIGHLIGHTS 2014

SIS. MINA ANORE






Sinimulan noong Pebrero 1 at natapos ng Pebrero 9,2014, ang siyam na gabing pagnonobena kay San Guillermo bilang paghahanda sa kanyang kapistahan at bawat nobena ay sinusundan ng Banal na Misa, na pinangungunahan ng iba't ibang kaparian na naimbitahan.

#novena.masses









PEBRERO 10

**SAN GUILLERMO DE MALEVAL**

Tagapagtatag ng Orden ng Gulielmites

A.D. 1157

Walang masyadong natatala tungkol sa maagang buhay ni Guillermo maliban na siya ay isang sundalong Pranses na namuhay sa luho at layaw.

Ang madalas niyang pagdalaw sa libingan ng mga Apostoles sa Roma ang unti-unting gumising sa kanyang kamalayan patungkol sa pag-ibig sa Diyos. At sa dahilan ding ito kung kaya't siya'y nagtika sa kanyang mga pagkakasala at nagbalik-loob sa Panginoon. Dumulog siya kay Papa Eugenio III noong taong 1145. Hinimok siya na magsagawa ng isang "Holy Pilgrimage" sa Jerusalem na kanyang ginampanan sa loob ng walong taon.

Matapos nito, siya'y nagbalik sa Tuscany at panandaliang namuhay na mag-isa sa isang tahimik na pook. 'Di nagtagal, napahinuhod siyang mangasiwa ng isang monasteryo sa teritoryo ng Pisa at Monte Pruno. Subalit ang maluwag na displina at kakulangan ng pagbabago nito ang siyang nagtulak sa kanya upang muling mag-isa sa Maleval noong Sept. 1155. Ang Maleval ay matatagpuan sa Siena, Diyosesis ng Grosetto.

Nanirahan siya sa isang kuweba. Isang maringal na Buriano na nakasumpong sa kanyang kalagayan ang nagpagawa ng isang maliit at payak na tirahan.

Para kay San Guillermo, katulad niya ang isang criminal na nararapat patawan ng isang nakakaalipusta at masakit na kamatayan.

Labis ang kanyang pagsasakripisyo; kaunti lamang siya kung kumain at uminom, sa lupa siya nahihiga at ang buo niyang panahon ay iniukol niya sa panalangin, pag-aayuno at paggawa.

Nang sumapit ang dakilang kapistahan ng pagpapakita ng Panginoon, nakatagpo siya ng isang tapat na alagad na nagngangalang Albert. Naging tagasunod din niya ang isang manggagamot na ang pangalan ay Renaldo. Sa kanyang halimbawa, natutunan nina Albert at Renaldo ang mga alintuntunin ng pagtitika at kabanalan. Silang dalawa ang nakaalam sa mga huling pangyayari sa kanyang buhay.

Ipinagpatuloy ng 2 ang pamumuhay na naaayon sa mga alituntuning iniwan ni San Guillermo. Hindi nagtagal, lumaki at dumami ang bilang ng mga kasapi ng kanilang samahan. Nagtayo sila ng isang kapilya at bahay kalapit ang puntod ni San Guillermo. Sila ang nakilalang mga ermitanyong nakayapak at nag-aayuno nang halos walang patlang.

Ipinatigil ito ni Papa Gregorio IX at inutusan silang sundin ang mga alituntunin ni San Benedicto. Kung kaya ang ilan sa kanila at naganyak na sumapi sa samahan ng mga ermitanyong Agustino.

Ganito nagsimula ang Gulielmites o ang mga Ermitanyo ni San Guillermo at nang lumaon ay kumalat sa Italya, Pransya, at Alemanya.

——Mula sa Nobena sa Karangalan ni San Guillermo de Maleval na inihanda ni: Eduardo L. Natividad

BIGKISAN NIGHT 2014, isinagawa noong ika-1 ng Pebrero 2014 kasabay ng koronasyon ng G. at Gng. San Guillermo 2014 na ginanap sa bakuran ng Buting Elementary School. Nakamit ng mag-asawang Pepe at Josefina Oraa mula sa Kawan ng St. Jude Thaddeus (Gitna) ang titulong G. at Gng. San Guillermo na may kabuuang boto na 118,670




Ang ika-4 na taong pagdiriwang ng Iwasiwas Festival na ginanap noong ika-8 ng Pebrero 2014. Ang highlight sa pagdiriwang na ito ay ang Street Dance Competition na nilahukan ng mga iba't-ibang samahan mula sa Brgy. Buting mapa-sibiko man o samahang pang-simbahan. Nakamit ng Gabay ang unang karangalan, sinundan ng kandidato mula Buting Elementary School at ang ikatlo ay ang Youth Movement



#iwasiwas2014

Arko Making Contest na nilahukan ng iba't-ibang Kawan mula sa Parokya ng San Guillermo. Nakamit ng Kawan ng St. Jude Thaddeus (Gitna) ang Unang Karangalan, sinundan ng Kawan ng St. Peter (Aliw) at ang Ikatlo ay ang Kawan ng St. Anne (Ilaya)





Naganap ang kumpilang pamparokya noong ika-8 ng Pebrero, 2014, na pinamunuan ni Rev. Bishop Mylo Hubert C. Vergara, Obispo ng Diocese ng Pasig at sa tulong ni Congressman Roman Romulo



Isinagawa ang binyagang pamparokya noong araw mismo ng Kapistahan ni San Guillermo,naging ninong at ninang ng mga batang bininyagan sina Honorable Bobby at Mayor Maribel Eusebio. Kabilang din na naroon ang mga Konsehal ng Pasig at ang seremonya ay sa pamumuno ni Rev. Padre Anthony Bautista. Pagkatapos may inihandog din sa salu-salo sa garden ng parokya...Maraming Salamat po Mayor.

#baptism2014



*Photo Contributors: Sis. Mina Anore (fb.com/mina.anore)*
*Sis. Bebet Enciso (fb.com/bebeth1118)*
*Ross William Glaire Santos (fb.com/rhosswilliamglaire.santos)*
*Archie Ted Lao (fb.com/archieted.lao)*

FEATURES

# SAN GUILLERMO CATHOLIC CHARISMATIC COMMUNITY

**"Ang Panginoon ang aking pastol, hindi ako magkukulang….." Salmo 23**

Ang **San Guillermo Catholic Charismatic Community** ay ang dating Shepherd's Sheep Charismatic Comm. na naitatag noong October 19, 1982, at ng maging kura-paroko natin dito si Padre Lito Jopson, opisyal na ipinagamit ang pangalan ng parokya upang manatiling naka-ugat sa parokya ni San Guillermo ang samahan.

Sa pangunguna ni Bro. Charlie Badana at pamilya, iilang mga kasaping mag-aasawa; Bro. Johnny at Sis. Auring Belgica, Bro. Victor at Sis. Sane, Bro Boy Angeles at ang kanyang maybahay, Sis. Connie Fulgencio, Sis. Lina, Sis. Babylyn at ilan pang nagtulung-tulong upang madagdagan ang kasapi na dumadalo. Ang lahat ay dumaan sa Catholic Life in the Spirit Seminar- CLSS, kung saan tatanggapin mo ang mga regalong kaloob ng banal na Espiritu Santo.

Gamit ang community song Salmo 23 (Ang Panginoon ang aking pastol) na hango sa Lumang Tipan ng banal na Aklat.

VISION: Isang pamparokyang samahan na kumikilos sa pagpapalaganap ng Salita ng Diyos na ginagabayan ng Banal na Espiritu.

MISSION: Ang SGCCC ay nagtatalaga ng aming mga sarili sa pagpapalaganap ng Salita ng Diyos sa pamamagitan ng, (a) Prayer Meeting tuwing biyernes, ika – 8 ng gabi, sa parokya; (b) Outreach Program (dalaw at panalangin sa mga maysakit/dating kasapi na hindi nakakadalo); (c) Bible Service (pananalangin sa mga patay) (d) Catholic Life in the Spirit Seminar (Parish/Diocesan level); (e) Jail Visitation; (f) Shepherding/Counseling

Sa ngayon, ang samahan ay patuloy pa rin na nagsasagawa ng PRAYER MEETING, tuwing araw ng biyernes, ika-8 ng gabi sa parokya: (a) 1st Friday -Prayer Meeting with group sharing, isinasagawa ang WORD method sa maliliit na grupo; (b) 2nd Fiday -PM with big group sharing (pagpapala, biyaya, pasasalamat atbp.); (c) 3rd Friday -PM with Teaching (may speaker na nagbabahagi ng iba't ibang paksa na makakatulong sa pagpapalalim ng pananampalataya; (d) 4thFriday -PM with healing and intercessory prayers; (e) 5th Friday -Prayer Meeting sa pangunguna ng Youth Ministry/Praise and worship style.

Ang huling biyernes ng bawat buwan ay sinasamahan naman ng Fellowship Night, magdadala ng kahit na anumang maaaring pagsaluhan, kaunting kamustahan, kwentuhan, katuwaan.

Aktibo rin ang SGCCC sa pakikiisa at pagsuporta sa lahat ng gawaing pamparokya. Maging sa Vicariato at Diocesan Charismatic level ay sinisiguro ng samahan na laging kabahagi sa mga gawain.

Patuloy ang panghihikayat ng mga kasapi ng samahan na dumalo at makiisa sa Prayer Meting na ginaganap tuwing biyernes, sa ating parokya.

Sama-sama tayong magpuri at magbalik ng Pagsamba at Pasasalamat sa Diyos nating Lumikha. Purihin ang Panginoon.

**MASARAP MAGPURI SA PANGINOON………LIKA NA!**

/Mina M. Anore/





**NARITO ANG MGA OFFICERS NG SGCCC:**

**Coordinator:** Bro. Marck M. Sumulong
**Asst. Coor.:** Sis. Mina M. Anore
**Secretary:** Sis. Edith C. Del Mundo
**Treasurer:** Sis. Adeling Lababo
**PRO:** Sis. Josie Gonzales at Sis. Lina Mendoza
**Worship Min. Head** -Bro. Alex D. Anore
**Educ. Min. Head** -Sis. Kyrie Eleason Lababo
**Outreach Min.:** Sis. Baby Cruz / Sis. Evelyn Rapada
**Healing Coor.-** Bro. Domeng Dacuma
**Music Head-** Sis. Babylyn Velasco
**Youth Coordinator-** Sis. Alexandra Bedejo
**Asst. Coor.** Bro. Don Dacuma

**Bilang ng mga kasaping dumadalo:**
**Kids—10; Elders—28; Youth—18**

# THANK YOU, FR. EDGAR

BY: SIS. MARY ANN OCHOA & FR. BEBOT CATUIRAN



Inihatid nina Fr. Bebot Catuiran, Kura Paroko ng San Guillermo Parish, Bro. Boy Jadaone, PPC Lay Coordinator, Bro. Boy Bato, SSDM Coordinator at kasama ng Parish Staff si Fr. Edgar Dolina noong gabi ng Martes, ika - 11 ng Pebrero papuntang Holy Family Parish sa Barangay Kapitolyo, Pasig. Ito na ang bagong parokya na paglilingkuran ni Fr. Edgar.

Dalawang taong namalagi si Fr. Edgar sa ating parokya na punung-puno ng magagandang karanasan at hamon. Maraming natakot at nanginig sa kanyang presensya tuwing nagdiriwang ng banal na misa pero marami din ang natuto. Bahagi ito ng ng kanyang pagiging mabuting pastol, na walang hangad kundi matuto ang kanyang mga kawan na pinapastulan. Kalimitan sa homiliya, nagbabahagi si Fr. Edgar ng kanyang magagandang karanasan bilang pari sa ibat-ibang parokya na kanyang pinaglingkuran sa Diyosesis ng Naval, Biliran. Naglingkod siya ng mahigit 25 years sa kanyang diocese at nais subukin naman ang "urban type" na pagmimisyon. Karamihan ay mga kuwentong kinapapalooban ng nakatutuwang karanasan sa buhay-pagkapari, meron ding pagkakataon na maluluha ka sa lungkot ng kanyang kwento. Si Fr. Edgar ay energetic; lakad siya ng lakad, at kung baga sa facebook lingo, "pasyal-pasyal lang pag may time." Mahilig mag suroy-suroy. Gusto niyang mag-explore, gusto niyang mapuntahan ang iba't - ibang lugar sa Maynila, kaya't ang ating parokya ang naging daan upang maranasan ang misyon na nais niyang tahakin.

Naging masaya siya sa ating parokya na kanyang buong pusong pinaglingkuran ng tapat. May pagkukulang man bilang isang- tao pero hindi pa din natin mapapantayan at mabilang ang biyaya ng sakramentong na kanyang ibinagi sa ating parokya bilang pakikiisa sa pagkapari ni Kristo. Siya ay pari, banal, pinili at hinirang ng Diyos upang mabinyagan ang mga bata sa pananampalatayang Katoliko, nagdiwang ng kasal at banal na Eukaristiya, sakramento ng kumpisal, kasama natin sa pagharap sa buhay kapag ang ating mga mahal na yumao ay tinawag na ni Lord, pinagdasal at nagbasbas sa atin tuwing kaarawan, anibersaryo ng kasal, sa ating mga tahanan, tindahan, apartment, condo, sasakyan at iba pa, dinalaw at nagpahid ng langis sa ating mga kapatid na maysakit. Mga hindi mabilang na paglilingkod na minsan nakakalimutan at hindi napapansin ng mundo pero nagbigay daan sa atin para matanggap ang nararapat na grasya ng Diyos. Ito nawa ang mangibabaw na ala-ala na maiwan sa atin ni Fr. Edgar at lahat ng mga paring patuloy na naglilingkod sa ating parokya. Sila ay biyaya ng Diyos sa ating parokya na dapat nating ipagpasalamat sa Kanya. Paano nalang kaya kung walang paring nais maglingkod sa ating parokya? Muli, salamat Fr. Edgar sa iyong presensiya at paglilingkod sa amin. Sabi nga, in the words of Lacordaire, ganito ang pari: To live in the midst of the world without wishing its pleasures; To be a member of each family, yet belonging to none; To share all suffering; to penetrate all secrets; To heal all wounds; to go from men to God and offer Him their prayers; To return from God to men to bring pardon and hope; To have a heart of fire for Charity, and a heart of bronze for Chastity; To teach and to pardon, console and bless always. My God, what a life; and it is yours, O priest of Jesus Christ.

## THROWBACK ISSUE

from page 2



Then, Bro. Juanito Manzano of the Finance Council, presented the mission- vision of San Guillermo Parish, the organizational structure, plans and programs for the past three years and the next three years. He focused on various accomplishments of the different Ministries and highlighted the Social Services Development Ministry through 28 SGP Kawans' assistance to the community especially during calamities, the medical missions, blood donations, and gift-giving activities during holiday season. He mentioned also the big role of the Balik-Handog Program (Kaloob) as financial support of the parish

***The 999 Plus You Project*** is SGP's biggest finance project for the construction of a new SGP Church. It was formally launched during the feast of San Guillermo on February 10, 2013, where the bishop was present. This project will continue for three years or until 2016. The parishioners' families are requested to give an annual pledge of P10,000 per year for a total of P30,000 for three years.

After the presentation, Bishop Vergara discussed the flow of the "Dialogue", running in three phases: First Phase was dialogue with everybody; Second Phase was with the PPC only (Rev. Frs. Catuiran and Dolina were supposed to leave the room) but did not materialize because the group wanted them to remain in the room (Sis. Erlinda Pinga one of PREX Committee Heads, requested Bishop Vergara for a Dialogue in everybody's presence. Majority agreed with her). The Third Phase was the interview with the SGP staff at the parish office.

The first phase of dialogue with the parishioners ended at 12:30 PM. After a quick lunch and while the parishioners were having lunch, Bishop Vergara went to the Parish Office for the interview of the staff and individual colloquium with Fr. Bebot and Fr. Edgar.

At around 1:00 o'clock in the afternoon, the Pastoral Visit of Bishop Vergara ended and he thanked the parishioners for the cooperation and support and then he gave his final blessing. Bishop Mylo proceeded to the oratory in the priest's quarters for a midday prayer and after that went back to the church to pray for the souls of all departed of San Guillermo Parish.

There was a short wrap-up up with Fr. Bebot while the Bishop was being escorted out of the parish premises.

It was a day to remember, a day full of prayerful discussions.

## PARISH EVENTS





CANDELARIA.BLESSING NG CANDLE.FEB. 2,2014—FR. DEXTER SESCON





BLESSSING OF THROAT- ST. BLAISE…FEB. 3,2014—FR. EDGAR DOLINA

## KUWARESMA 2014

**MARCH 5: ASH WEDNESDAY**
Masses:
6am & 6pm (main parish)7:30am
San Joaquin Chapel
7:30pm – Ulilang Kawayan

**ALL FRIDAYS OF LENT:**
Confessions, 5:30PM (main parish)

**ALL FRIDAYS OF LENT:**
Stations of the Cross
by KAWAN/parish garden, 7PM

**MARCH 19: (WED)**
FEAST OF ST. JOSEPH

**MARCH 25: (TUE) ANNUNCIATION OF THE LORD**

**MARCH 27: (THURSDAY)**
KUMPISALAN PAMPAROKYA, 7PM

**APRIL 12: (SAT)**
DIOCESAN LENTEN
RECOLLECTION
Speaker:
BISHOP MYLO HUBERT C.
VERGARA, D.D.
(St. Paul College Pasig, Auditorium)8AM
-12NN

**HOLY WEEK: APRIL 13-20**

**APRIL 13: (SUN)**
PALM SUNDAY 5am – Blessing of
Palms & Procession (Linear Park)
6am – Mass, the rest,
Sunday regular schedule

**April 14, 15, & 16: (MON-WED**
Stations of the Cross
7PM (parish garden)

**April 17: (HOLY THURSDAY)**
6am – CHRISM MASS
(Pasig Cathedral only)
6pm – Evening Mass of the
Lord's Supper
8pm – Last Supper
7:30pm – 12midnight: Vigil &
Visita Iglesia

**April 18: (GOOD FRIDAY)**
5am - PAMPAROKYANG
DAAN NG KRUS
3pm- VENERATION OF THE CROSS
5:30pm- PROCESSION

**April 19: (HOLY SATURDAY)**
8pm- Easter Vigil

**April 20: (EASTER SUNDAY)**
4:30am – Salubong
6am - Mass, the rest,
Sunday regular schedule
10:15am – Egg Hunting


**May 10: (SAT)**
VICARIAL ASSEMBLY
(Vic. of ICC only)
8AM-12NN
"Year of the Laity"
(St. Paul College Pasig, Auditorium)

**MALIGAYANG PASKO NG MULING PAGKABUHAY SA LAHAT!!!**

## MILESTONES

**HAPPY 79th BIRTHDAY**
Feb. 17, 2014
*LOURDES H. MARBELLA*






VIVA
SAN GUILLERMO
**FROM**
**BABY VERGARA & FAMILY**

## Life of Saint

St. Blaise (4th century AD) was once a doctor before becoming the Bishop of Sebastea in Armenia. He was known for his virtues and sanctity. He was arrested during the Roman persecution of Christians and was put to death for his faith. St. Blaise is known for the 'Blessing of the Throats', a prayer said during his feast day as a priest crossed two candles over a person's throat. The blessing invokes the saint's intercession for protection against throat ailments. This is based on a story that St. Blaise healed a boy with a fishbone stuck in his throat. St. Blaise's feast day is on 3 February. — https://www.facebook.com/happysaints

